ANO ANG DAPAT MONG **MALAMAN**

TUNGKOL SA **TB**

Ang Tuberculosis (TB) ay nakakahawang sakit na dulot ng Mycobacterium tuberculosis (*M. tuberculosis*). Sakit ito na pangunahing nakakaapekto sa mga baga, bagaman maaari nitong atakihin ang anumang bahagi ng katawan. Dulot ito ng bakterya na kumakalat sa hangin kapag ang taong may aktibong sakit na TB ay umubo, tumawa, kumanta o bumahing. Ang TB ay pangunahing sanhi ng sakit at pagkamatay sa maraming bahagi ng mundo. Kailangan pa rin ang mga patuloy na pagsusumikap na alisin ang TB sa ibang bansa at sa United States.

Ang taong may aktibong sakit na TB ay maaaring magkalat nito sa mga taong nasa malapit tulad ng mga kaibigan, kapamilya, katrabaho, at kaeskuwela. Ang TB ay maaaring malubha at nakamamatay. Sa kabutihang-palad, maiiwasan ang TB sa pamamagitan ng paggamot.

TUNGKOL SA **LTBI**

Ang mga taong may latent tuberculosis infection (LTBI) ay may impeksyon ng *M. tuberculosis* na bakterya. Ang ilang taong may bakterya ng TB sa katawan nila ay maaaring hindi kailanman magkaroon ng aktibong sakit na TB. Ang ibang tao, lalo na ang mga may mga mahinang immune system at ibang mga salik ng peligro, ay maaaring magkaroon ng aktibong sakit na TB.

Hindi masama ang pakiramdam ng mga taong may LTBI, kaya madalas ay hindi nila alam na may dala silang bakterya. Wala silang anumang sintomas. Hindi sila nakakahawa. Pero kung ang kanilang latent TB infection ay naging aktibong sakit na TB, nang walang paggamot, maaari silang magkasakit, maikalat ang TB sa ibang tao, at maaari ding mamatay.

MGA KARAGDAGANG **DULUGAN**

Centers for Disease Control and Prevention. (2012). *Tuberculosis: Get the Facts!* [Brochure]. https://www.cdc.gov/tb/publications/pamphlets/Tuberculosis_Get_the-facts.pdf

Centers for Disease Control and Prevention, National Center for HIV/AIDS, Viral Hepatitis, STD, and TB Prevention. (2014). *Questions and Answers about Tuberculosis [TB].* https://www.cdc.gov/tb/publications/faqs/pdfs/qa.pdf

Centers for Disease Control and Prevention, National Center for HIV/AIDS, Viral Hepatitis, STD, and TB Prevention. (2014). *TB: What You Need to Know about Tuberculosis Infection*. https://www.cdc.gov/tb/publications/pamphlets/tb_infection.pdf

Latent TB. Active Concern.
Tuberculosis Program

Virginia Department of Health

TELEPONO: 804-864-7906

FAX: 804-371-0248 or 804-416-5178

EMAIL: tuberculosis@vdh.virginia.gov

WEB: www.vdh.virginia.gov/tuberculosis/

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH

Nilalayon ng Programa para sa TB ng Virginia Department of Health na pigilan, gamutin, at alisin ang TB para protektahan ang kalusugan at itaguyod ang kabutihan ng kalagayan ng lahat ng tao sa Virginia.

Dinisenyo ng Office of Graphic Communications
Virginia DGS: Division of Purchases and Supply

TASAHIN • SURIIN • GAMUTIN

LATENT TB. AKTIBONG ALALAHANIN.

ANG MGA PANGUNAHING KAALAMAN TUNGKOL SA LATENT TB INFECTION

Programa para sa Tuberkulosis
Virginia Department of Health

ANO ANG MAGAGAWA **MO**

I. TASAHIN

Alamin kung maaaring nasa peligro ka para sa Latent TB

Nakatira ka o nagtatrabaho sa isang lugar kung saan may malaking grupo ng mga tao at kung saan maaaring karaniwan ang aktibong TB, tulad ng isang:

- Masisilungan ng mga walang tirahan
- Koreksyonal na pasilidad
- Nursing home

Mahina ang iyong immune system dahil sa:

- HIV
- Isang organ transplant
- Gamot na iniinom mo

Nakasama mo ang isang taong may aktibong sakit na TB

Gumagamit ka ng iniiniksiyong gamot

May mga sintomas ka ng aktobong TB, tulad ng:

- Ubo na tumatagal nang mahigit sa 3 linggo
- Lagnat
- Pananakit ng dibdib
- Pagbaba ng timbang
- Pagpapawis sa gabi
- Kapaguran
- Bawas na ganang kumain

Ipinanganak ka, namalagi nang mahigit sa isang buwan o madalas bumiyahe papunta sa mga lugar kung saan karaniwan ang aktibong sakit na TB, tulad ng:

- Africa
- Asia
- Mexico
- Central America
- South America
- The Caribbean
- Eastern Europe

Mahigit sa 80% ng mga nagkakasakit mula sa aktibong sakit na TB sa U.S. ay may hindi ginamot na latent TB.

II. SURIIN

Humingi ng pagsusuri para sa TB

Mga Opsyon sa Pagsusuri sa TB

Kahit na mabuti ang pakiramdam mo, maaaring mayroon kang LTBI. Kung mayroon ka ng anuman sa mga naunang nabanggit na salik sa peligro, dapat kang humiling ng pagsusuri para sa TB, mula sa doktor mo man o sa lokal na kagawaran ng kalusugan. Maaaring magpasuri ka sa dugo o sa balat; ang dalawang ito ay halos hindi masakit. Kung nagpositibo ka, mag-uutos ang doktor mo na magpakuha ka ng X-ray sa dibdib para makita kung mayroon kang aktibo o latent TB. Kung nagnegatibo ka at mahina ang iyong immune system o nagkaroon ng kamakailang impeksyon, ang doktor mo ay maaaring humiling ng isa pang pagsusuri.

Pagsusuri para sa TB at Bakuna na BCG

Sa ilang bansa kung saan karaniwan ang aktibong sakit na TB, ang pang-iwas na bakuna na bacille Calmette-Guérin (BCG) para sa pagpigil nito ay ibinibigay sa mga sanggol at maliliit na bata. Hindi ito karaniwang kasanayan sa U.S., pero kung ipinanganak ka sa ibang bansa, maaaring natanggap mo ang bakuna na BCG noong batang-bata ka pa. Sa kasong iyon, ang pagsusuri sa dugo para sa TB ay ang pinakamahusay na opsyon kapag sinusuri para sa latent TB.

Kung natanggap mo ang bakunang BCG, dapat kang ma-test gamit ang pagsusuri sa dugo para sa TB. Ang pagsusuri sa balat ay maaaring magbigay ng positibong reaksyon kahit na wala kang impeksyon mula sa bakterya ng TB.

III. GAMUTIN

Kumpletuhin ang Paggamot

Paggamot

Kung nagpositibo ka sa latent TB, may ilang opsyon sa paggamot na maaari. Magrerekomenda ang doktor mo ng mga gamot para mabawasan ang peligro mong magkaroon ng aktibong TB. Alalahanin na aktibong sakit na TB lang ang nakakahawa, kaya hindi mo inilalagay sa peligro ang iyong pamilya at mga kaibigan kung mayroon kang latent TB.

Napakahalagang gamutin ang latent TB sa sandaling na-diagnose ka. Ang pinakamahusay na paraan para maprotektahan ang sarili mo ay ang tapusin ang lahat ng gamot mo ayon sa tagubilin. Ang tanging paraan para maalis ang bakterya ng TB ay ang pag-inom ng gamot para sa TB. Kapag hininto mo ang paggamot nang maaga o laktawan ang mga dosis, matatalo ng bakterya ng TB ang katawan mo.

Pagkatapos ng Paggamot

Kahit na makumpleto mo ang paggamot, malamang ay magpositibo ka sa hinaharap. Dapat mong hingan ang doktor mo na bigyan ka ng nakasulat na talang nagsasabi na nakumpleto mo ang buong kurso ng paggamot mo. At sa kasamaang palad, posibleng makakuha ng TB sa hinaharap kung may bago kang pagkalantad. Ang gamot na iniinom mo ay magtatanggal lang ng bakterya ng TB sa katawan mo sa oras na iyon.

Maaaring mabilis na gamutin ang LTBI. Ang paggamot ay maaaring 3-4 na buwan lang.

Para sa mga karagdagang tanong, mangyaring kontakin ang Programa para sa TB ng Virginia Department of Health.

804-864-7906